**SIPI MULA SA KAPASYAHAN NG NAKARAANG KATITIKAN NG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG TANGOS, BALIUAG, BULACAN SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY NOONG IKA 5 NG ENERO2008 , GANAP NA IKA 8 NG GABI.**

**MGA DUMALO**:

Bernardo B. Gonzales………………Punong Barangay
Alfredo V. Musni ………………………..Kagawad
Domingo M. Lim ………………………..Kagawad
Dante L. Galang…………………………Kagawad
Ruben Ramos ………………………….Kagawad
Rowel Mempin ………………………...Kagawad
Juanito L. Polintan ……………………..Kagawad
Jose V. Calaudio Jr. …………………….Kagawad
Donna Baltazar………………………... SK Chairman

**KAPASYAHAN BLG. 2 SERYE/ 2008**

**ISANG KAPASYAHAN NG PAGTATATAG NG PROGRAMANG. "HANAP BUHAY…SAGOT NG BARANGAY. ISANG PROGRAMANG MAGBBIBIGAY NG PAGKAKAKITAAN AT GAMIT PARA DITO SA MGA MAHIHIRAP NA KABABAIHAN SA BARANGAY TANGOS.**

SAPAGKA'T, nais ng pamunuan na mabigyang pagkakakitaan ang mga mahihirap na kababaihan sa barangay tangos.

SAPAGKA'T, naglaan ng pondo na nagkakahalaga ng P.50,000.00 sa budget upang magamit sa programang ito.

Nagmungkahi si kagawsd Domingo Lim na pumili ng 7 mahihirap na pamilya sa Barangay upang maging benepisaryo ng programang ito.

Na ang mga sumusunod na alituntunin ang susundin upang ang isang kabarangay ay masali sa programan.

1. Na kailangan na ang mabibigyang pamilya ng programa ay kumikita lamang ng hindi lalagpas sa P3,000.00 kada buwan.
2. Na ang magigijng benepisaryo ay pahihiramin ng Pamunuan ng isang "Portable Store Booth"na kanyang magagamit sa kanyang munting negosyo.
3. Na ang pamilyang benepisaryo ay pahihiramin ng P. 2,000.00 bilang panimulang puhunan o produktong kasing halaga nito.
4. Na ang nasabing halaga ay babayaran niya ng halagang P25.00 kada araw sa loob ng 100 araw. Ang halaga ng maibabalik ng benepisaryo ay P2,500.00
5. Na ang malilikom na halagang P. 2,000.00 ay ipapahiram naman sa susnod na benepisaryo ng Programa. At ang halagang P. 500.00 naman ay iipunin upang maipangpagawa naman ng karagdagang "portable Store Booth.
6. Na ang mga kagamitan sa hanapbuhay na ito ay pahiram lamang at pag aari ng Barangay. Na ang benepisaryo ang sasagot sa mga gastusin kung sakaling may masira o ipaaayos sa "Portable Store Booth". Kung ito ay masisira sa panahon na siya ang gumagamit nito.

7. Na kung sakaling huminto sa pagtitinda ang nasabing benepisaryo, ay kanyang isosoli ang naturang mga kagamitan sa Barangay.

8. Na ang pamunuan ay magtatalaga ng komite na siyang mangangasiwa at mamamahala sa pagpili ng pamilya na mabibiyayaan ng programang ito.
9. Na ang benepisaryo sa programa ay lalagda sa isang kontrata na sila ay sumsasang ayon sa alituntunin ng programa.

Kung Kayat sa mungkahi ni Kagawad Domingo Lim At Sinangayunan ng lahat ng dumalo

IPINASIYA tulad ng dito'y ipinasisiya na ang ipatupad ang Programang "HANAP BUHAY…. SAGOT NG BARANGAY.

**TALA SALITAAN:**

**PORTABLE STORE BOOTH** : isang munting tindahan na may sukat na 2 ft x 3ft x 4 ft ( may bubong at ang pag kaka ayos ay ayon sa produktong ititinda ng benepisaryo.

**BENEPISARYO**: Ang pamilya na makikinabang at mabibiyayaan ng programa.

**PRODUKTO** : Ang paninda na ititinda ng benepisaryo.

**KONTRATA** : Ang kasunduan sa pagitan ng Benepisaryo at Pamunuan ng Barangay na lalagdaan ng benepisaryo>

**PINAGTIBAY**

Pinatutunayan ko ang Kawastuan ng nasasaad sa kapasyahang ito.

**ALFREDO L. GONZALES**

Kalihim

PATOTOO:

**BERNARDO B. GONZALES**

Punong Barangay